Mga Nagawa ni Mayor Boyet sa Bayan ng Binangonan sa Unang Termino ng kanyang Panunungkulan:

1. **Monthly Medical at Dental Mision** sa iba't-ibang barangay bilang tugon sa problemang pangkalusugan ng ating mga kababayan. Sa kabuuan, nagkaroon na tayo ng 42 na Medical at Dental Mission.

2. **Doktor na regular na bumibisita sa mga barangay sa isla ng Talim** upang personal na tingnan at pangalagaan ang kalusugan ng ating mga kababayan sa Talim.

3. **Patuloy na Free Cataract Consultation and Operation**. Sa Kasalukuyan mayroon na tayong 160 pasyente na nabigyan ng libreng operasyon sa loob lamang ng 21 buwan.

4. **Botika ng Bayan** kung saan nakakakuha ng libreng gamot ang ating mga kababayan. Libu-libo ang nakinabang at patuloy na nakikinabang sa nasabing proyekto ni Mayor Boyet.

5. Noong nakaraang panahon na ang Pilipinas ay dumanas ng krisis sa bigas mabilis na umaksyon si Mayor Boyet sa pamamagitan ng pagbubukas ng **Bigasang Bayan** kung saan murang nakakabili ng Bigas ang ating mga kababayan.

6. **Taunang pamimigay ng mga bags, shoes at iba pang school materials** sa mga mag-aaral ng elementary sa iba't-ibang mababang paaralan sa Binangonan. Sa kabuuan umabot na sa 4,031 ang naipamahagi na sa mga kapuspalad na mga batang mag-aaral.

7. Kinikilala ni Mayor Boyet ang kahalagahan ng edukasyon kaya naman patuloy ang pagsuporta niya sa kanyang 474 na mga **Scholars**. Kailangan lamang na ma-maintain ng mga bata ang kanilang matataas na grado.

8. **Special Programs for Employment of Students o Summer Job**. Sa pamamagitan nito marami sa ating mga kapus-palad na mga kabataang mag-aaral ang natutulungan nito.

9. Upang matugunan ang kakulangan sa trabaho sa ating bayan, naglunsad si Mayor ng quarterly **Jobs Fair** sa pamamagitan ng PESO bilang alternatibo sa kakulangan sa trabaho.

10. **BYLM Livelihood Training and Seminar** na patuloy na pinakikinabangan ng ating mga kababaihan bilang alternatibong pangkabuhayan. Sa kasalukuyan, umabot na sa bilang na 160 ang ating mga kababayan na sumailalim sa nasabing livelihood training and seminar.

11. **Kasalang Bayan** para sa mga nagnanais magpakasal ngunit kulang ang kakayahan. Sa kasalukuyan umabot na sa bilang na 177 na pares na ang nakinabang dito.

12. Isinagawa ni Mayor Boyet ang pagbibigay ng **Buwanang Incentive** sa mga kawani ng lokal na pamahalaan na walang liban o di kaya'y di nahuhuli sa pagpasok sa tulong ni **Ka Imoy Ison.**

13. Pagkakaloob ng mga appliances sa mga kawani ng lokal na pamahalaan bilang maagang pamasko.

14. **Feeding Program** sa underweight at malnourished na mga bata.

15. Pagkakaroon ng mga espesyalistang doctor sa ating ospital gaya ng **Pediatrician at OB Gyne.**

16. **Traffic Enforcers 24/7** ang serbisyo upang maging maayos ang daloy ng trapiko at magsisilbing deterent sa mga nagbabalak gumawa ng masama.

17. **Pagpapatupad ng No Helmet No Riding Policy**.

18. **Pagbabalik ng Inter-Commercial Basketball Tournament.**

19. Upang masolusyunan ang mga lumalalang problema sa basura , pinalakas ni Mayor Boyet ang **Solid Waste Management** upang mamahala sa waste segregation at pag-recycle ng basura.

20. **Pagbaba sa halaga ng pagkuha ng police clearance** na dating P170.00 na ngayon ay P120.00 na lamang.

21. **Pag-alis ng bayad sa documentary stamp tax** sa lahat ng permits at pag-exempt sa notaryo ng permits sa lahat ng negosyo na mayroong gross sales na below P300,000.00.

22. **Mga Infrastructure Projects**

San Carlos Tricycle Terminal **Macamot Farm to Market Road**

Ilan sa makabuluhan at pinakikinabangan na Infrastructure projects, kung saan malaking bahagi ng ating buwis ang napupunta at inilaan dito. Sa mahigit dalawang taon ni Mayor Boyet, umabot na sa P90,991,510,15 ang halaga ng sari-saring Infrastructure projects sa ating bayan . Ang mga ito ay nakakatulong sa pag-asenso at pag-angat ng ating bayan at tumutugon sa mga pangangailangan ng ating mga kababayan sa Binangonan.

23. Ang **graph** na ito ang magpapatunay na malaki ang itinaas ng total income ng ating munisipyo sa panahon ng panunungkulan ni Mayor Boyet dahil na din sa kanyang mahigpit at makabagong pamamaraan ng pagkolekta ng buwis at tamang pamamahala sa kaban ng bayan. Hindi maikakaila na malaki ang progreso ng ating pamahalaan sa nakalipas na mahigit na dalawang taon. Ito ay naganap sa tulong at malasakit ng ilang department heads na nakakatuwang ni Mayor sa pagpapatakbo at pagpapaunlad ng Binangonan at mga mamamayan na tapat na nagbabayad ng kanilang permit and franchise fee at mga buwis.

Ilan lamang ito sa madami pang nagawa at naisakatuparan ni Mayor Boyet sa loob lamang ng mahigit dalawang taon ng kanyang unang termino.



	1998	2007	2008	2009
Local Income	23,581,083.68	86,526,287.29	89,191,146.23	98,693,565.38
IIRA	43,093,473.00	140,431,376.0	170,249,657.0	200,374,088.0